REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KAPASIYAHAN BILANG 90-157

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KGG. BRIG.GEN. MELITON D. GOYENA (RET.), DIREKTOR, PAMBANSANG PIITAN ; NEW BILIBID PRISONS (NBP) NA MABIGYAN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG ISANG LAGAY NA LUPA SA NEW BILIBID PRISONS (NBP) UPANG MAGAMIT NA TAPUNAN NG BASURA (DUMP SITE) AT ISANG LAGAY NA LUPA PA RIN UPANG MAGAMIT NAMANG PAMBAYANG LIBINGAN (MUNICIPAL CEMETERY).

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang NBP Reservation ang may pinakamalawak na bakanteng lupa na maaaring pagkunan ng paglalagyan ng tapunan ng basura at pambayang libingan bukod pa sa kalapitan nito upang madaliang mapuntahan;

SAPAGKAT, lumalala ang suliranin sa basura at pagtatapunan nito hindi lamang sa Bayan ng Muntinlupa kungdi maging ang iba pang bayan at lungsod sa Kalakhang Maynila na maaaring makasira sa magandang kalusugan ng mamamayan;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang mga pambayang-libingan sa Muntinlupa ay nagsisikip na at malapit ng mapuno;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng pambayang-libingan sa Muntinlupa upang mabigyan ng maayos at disenteng libing ang mga mahihirap na taong sasakabilang-buhay;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na hinihiling sa Kgg. Brig.Gen. Meliton D. Goyena (Ret.), Direktor, Pambansang Piitan, New Bilibid Prisons (NBP) na mabigyan ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ng isang lagay na lupa sa New Bilibid Prisons (NBP) upang magamit na tapunan ng basura (dump site) at isang lagay na lupa pa rin upang magamit namang pambayang libingan (municipal cemetery).

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang pang 118 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Agosto 1990.

PINAGTIBAY:

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

INISPONSOR NI KGG. KONSEHAL CARLO G. TENSUAN

MGA SUMANG-AYON : KGG. PANGALAWANG PUNONG BAYAN, MGGL. JAIME R.FRESNEDI; KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ; KGG. EPIFANIO A. ESPELETA; KGG. REY E. BULAY; KGG. LUCIO B. CONSTANTINO; KGG. RUFINO B. JOAQUIN; KGG. ROMAN E. NIEFES; KGG. NEMESIO O. MOZO; KGG. ROGER C. SMITH; KGG. NOLASCO L. DIAZ; AT KGG. VICENTE YU CHUA